

Talaan ng mga Nilalaman

1. Ehekutibong Buod	3
2. Introduksyon: Ano ang 2016 Measure B?.....	3
2.1 Kasaysayan	4
2.2 Citizens’ Oversight Committee (Komite sa Pangangasiwa ng Mamamayan)	4
3. Kita na Buwis ng Programa.....	5
4. Buwis ng Programa na Natanggap sa buong FY 2023.....	6
4.1 Kabuuang Natanggap sa FY 2023.....	7
4.2 Kabuuang Naipong Kita sa FY 2023	7
4.3 Mga Kabuuang Kinitang Buwis ng Programa at Porsyentong Bahagi ng Kinitang Buwis ng Programa	8
5. Mga Kategoriya ng Programa.....	9
5.1 Mga Gabay sa Kategoriya ng Programa.....	10
6. Mga Paglalaan at Paggastos sa FY 2023.....	17
6.1 Proseso sa Paglalaan sa Paggastos.....	18
6.2 Paglalaan at Paggastos ayon sa Kategoriya ng Programa.....	19
7. 10-taong Programa at mga Pamantayan sa Tuwing Makalawahang Taong Budget	21
7.1 Batayan sa Kahandaan ng Proyekto at Pamamaraan sa Pagsasaprayoridad	21
8. Proseso sa Pangangasiwa ng Programa.....	22
9. Mga Tampok sa Kategoriya ng Programa	23
10. Glosari	27
11. Apendise	27
11.1 2016 Measure B Termino ng Balota	
11.2 2016 Measure B Citizens’ Oversight Committee	
11.3 2016 Measure B Mga Gabay sa Kategoriya ng Programa	
11.4 2016 Measure B Batayan sa Kahandaan ng Proyekto at mga Pamamaraan sa Pagsasaprayoridad	
11.5 2016 Measure B 10-taong Programa	
11.6 2016 Measure B Mga Paglalaan ng Programa ayon sa Kategoriya ng Programa	

1. Ehekutibong Buod

Kaayon ng misyon ng VTA, "*Mga Solusyon na magpapakilos sa iyo*", ang 2016 Measure B Program ay nagbibigay ng mga pagkakataon sa pagpopondo para sa pagpapalano ng transportasyon, imprastraktura, at mga aktibidad sa edukasyon at outreach sa buong Santa Clara County. Sa siyam na magkakaibang kategorya, ang 2016 Measure B ay nakikipagtulungan sa mga lungsod, bayan, at County ng Santa Clara upang gumawa ng mga solusyon para sa iba't ibang alalahanin sa lokal na transportasyon - mula sa paglalakad at pagbibisikleta hanggang sa makabagong pagkonekta sa transit. Tumutulong ang 2016 Measure B Program sa paghahatid ng mga proyekto at inisyatiba na suportado ng botante sa pamamagitan ng kapwa nakikipagsabayan at hindi nakikipagsabayang pagboto sa pagpopondo.

Nakatuon ang taunang ulat na ito sa Taon ng Pananalapi 2023, simula Hulyo 1, 2022, hanggang Hunyo 30, 2023 –nagdedetalye sa patuloy na pag-unlad at paglago ng panukala, at mga paglalaan at paggastos ng pondo. Bukod pa rito, itinatampok nito ang mga nakamit ng Programa – gaya ng pag-apruba ng FY 2024 hanggang FY 2033 10-taong Programa.

Inaasahan ng VTA ang patuloy na pakikipagtulungan sa komunidad at sa aming mga kapartner upang maihatid ang 2016 Measure B na mga karapat-dapat na programa at proyekto sa buong Santa Clara County.

2. Introduksyon: Ano ang 2016 Measure B?

Inaprubahan ng mga botante ng Santa Clara County ang 2016 Measure B, isang 30-taon na kalahating sentimong buwis sa pagbebenta sa buong county upang mapahusay ang transit, highway, expressway, at aktibong transportasyon (mga bisikleta, pedestriyan, at mga Kumpletong Kalye) noong Nobyembre 2016. Ang panukala ay pumasa sa halos 72 %, ang pinakamataas na antas ng suporta para sa anumang buwis sa benta ng transportasyon ng Santa Clara County. Ang mga pondo ng 2016 Measure B Program ay available sa mga Miyembrong Ahensya — ang labing-anim na lokal na hurisdiksyon na lumagda sa Congestion Management Agency (VTA)'s Joint Powers Agreement, at Caltrain. Kasama sa mga lumagda sa Joint Power Agreement ang lahat ng lungsod at bayan sa loob ng county, Santa Clara County, at Santa Clara Valley Transportation Authority. Ang mga pondo ng programa ay nahahati sa siyam na magkakaibang kategorya ng programa, gaya ng ipinakilala sa mga botante sa termino ng balota. Ang siyam na kategorya ng programang ito ay:

- Lokal na mga Kalye at Kalsada
- BART Phase II
- Bisikleta at Pedestriyan
- Grade Separation ng Caltrain
- Pagpapabuti sa Kapasidad ng Koridor ng Caltrain
- Mga Highway Interchange
- Mga Expressway ng County
- SR 85 Koridor
- Mga Pagpapatakbo ng Transit

Maaaring i-access ng mga kapartner na ahensya ang mga pondo ng 2016 Measure B Program para sa mga proyektong akma sa mga alituntunin sa kategorya ng programa – na nakadetalye sa Seksyon 5.1 ng ulat na ito.

Sa panahon ng pagpasa ng 2016 Measure B, inaasahang magresulta ng \$6.3 bilyong dolyar sa 2017 sa susunod na 30 taon. Ang aktwal na mga kita na matatanggap sa loob ng 30-taong tagal ng buwis ay maaapektuhan ng iba't ibang salik sa ekonomiya, tulad ng inflasyon at paglago o pagbaba ng ekonomiya. Nagsimula ang pangongolekta ng buwis noong Abril 1, 2017.

2.1 Kasaysayan

- Mga Resulta ng Botohan
Matapos mapagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng VTA ang isang resolusyon na ilagay sa mga balota ang panukala noong Hunyo 24, 2016, matagumpay itong nailagay sa balota ng Nobyembre 8, 2016, Pangkalahatang Halalan na balota. Nakakuha ang panukala ng 487,539 “OO” na boto mula sa kabuuang 679,596 na boto – na nagresulta sa 72% na rate ng pag-apruba (tingnan ang Apendise 11.1 para sa termino ng balota).
- Demanda
Kasunod ng halalan, hinamon ng isang indibidwal ang pagiging lehitimo ng 2016 Measure B Sales Tax – isang hadlang na tumagal ng halos dalawang taon, na nagdulot ng mga pagkaantala sa pagpapatupad at pamamahagi ng mga pondo. Noong Oktubre 18, 2018, nagpasya ang California 6th District Court of Appeal na ibasura ang demanda. Ang desisyon ay inapela sa Korte Suprema ng Estado, kung saan tinanggihan ang apela noong Enero 23, 2019.
- Mga Pamantayan
Pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng VTA ang 2016 Measure B Program na Tuwing Ikalawang Taong Badyet at 10-taong mga Pamantayan ng Programa noong Abril 2021. Itinatakda ng Mga Pamantayan na ito ang mga pangunahing panuntunan para sa kung paano binuo ang tuwing ikalawang taong badyet sa 10-taong programa.

2.2 Citizens’ Oversight Committee

Tinukoy ng panukala sa balota ng 2016 Measure B ang pagbuo ng isang independyenteng komite sa pangangasiwa ng mamamayan, ang layunin nito ay tiyakin na ang mga pondo ng 2016 Measure B ay ginagastos nang naaayon sa naaprubahang Programa at upang ipaalam sa mga botante ang pagsunod sa Programa.

Dahil dito, itinatag ang 2016 Measure B Citizens’ Oversight Committee (MBCOC). Binubuo ito ng walong posisyon sa pagiging miyembro mula sa tinukoy na mga larangan ng kadalubhasaan. Ang mga pag-aatas ay competitive at ginawa ng VTA Board of Directors. Ang

mga miyembro ay hinirang batay sa pagkakaroon ng kinakailangang nauugnay na karanasan at kadalubhasaan.

Tinutukoy ng balota ang mga espesipikong tungkulin at responsibilidad ng MBCOC. Kabilang sa mga ito ay ang pangangailangan na ang komite ay taunang magkaroon ng audit na isinasagawa ng isang independyenteng tagapag-awdit upang suriin ang pagtanggap ng kita at paggastos ng mga pondo. Noong Mayo 2020, inaprubahan ng 2016 MBCOC ang pagbibigay ng kontrata sa Moss Adams LLP para magbigay ng mga serbisyong compliance/performance auditor sa Komite. Nakumpleto na ng Moss Adams ang taunang pag-audit sa pagganap ng programa mula noong magsimula ang Programa hanggang sa kasalukuyan, at kamakailan ay nakumpleto ang pag-audit para sa taon ng pananalapi 2023. Nagbigay sila ng unqualified, o "malinis", na opinyon para sa bawat isa, ibig sabihin, sa kanilang propesyonal na opinyon, sumunod ang VTA may kinalaman sa lahat materyal, kasama ang mga kinakailangan na naaangkop sa 2016 Measure B Program. Ang lahat ng independiyenteng pag-audit ng 2016 Measure B program mula nang magsimula ito ay nakatanggap ng malinis na mga opinyon.

Kabilang sa iba pang mga tungkulin at responsibilidad ng MBCOC na tinukoy sa balota ang pangangailangan na taunang magsagawa ng pampublikong pagdinig, ang layunin ay magbigay ng isang malayang talakayan para sa mga miyembro ng komunidad upang makapagpahayag ng kanilang mga saloobin sa 2016 Measure B Program at sa mga resulta ng taunang pagganap sa pag-audit sa mga kita at paggastos ng 2016 Measure B. Pananagutan din ng MBCOC sa pag-isyu ng taunang ulat upang ipaalam sa mga residente ng Santa Clara County kung paano ginagastos ang mga pondo ng Programa.

Matatagpuan ang karagdagang impormasyon sa MBCOC sa Apendise 11.2, o sa vta.org/2016-measure-b-citizens-oversight-committee, na kinabibilangan, bukod sa iba pang mga item, lahat ng pag-audit sa performance ng Programa at Mga Taunang Ulat ng MBCOC mula nang magsimula ang Komite.

3. Mga Kinikitang Buwis ng Programa

Ang mga kita sa buwis na natanggap para sa 30-taong tagal ng buwis, kabilang ang anumang interes o iba pang mga kita, bawas ang anumang mga pondo na kinakailangan para mabayaran ang serbisyo sa utang at/o halaga ng paghiram at mga gastos sa pamumuno at pangangasiwa ng programa, tulad ng mga gastos sa pagbibigay ang administrasyon at pamamahala sa pananalapi ay tinutukoy bilang Mga [Kita sa Buwis ng Programa](#).

Gamit ang mga halagang dolyar na natukoy para sa bawat kategorya ng programa sa balota, kinuwenta ang mga ratio para sa bawat kategorya ng programa ay - pagkatapos ay gagamitin upang kuwentahin ang mga alokasyon sa hinaharap at upang matukoy ang naaangkop na pamamahagi ng mga pondo ng 2016 Measure B sa bawat kategorya ng programa sa buong buhay ng panukala. .

Ang siyam na ratio ng mga kategorya ng programa ay kinuwenta sa pamamagitan ng paghahati sa natukoy na halaga ng kategorya ng programa sa panukala sa kabuuang inaasahang Kita na Buwis ng 2016 Measure B Program.

Ratio ng Kategoriya ng Programa = halaga ng Kategoriya ng Programa ÷ Kabuuang inaasahang halaga ng 2016 Measure B

Halimbawa:

1. Kabuuang inaasahang Kita na Buwis ng Programang 2016 Measure B: \$6.3 Bilyong dolyar noong 2017
2. Local Streets & Roads (LSR) na halaga ng kategoriya ng programa: \$1.2 Bilyong dolyar noong 2017
3. LSR ratio = \$1.2 Bilyon ÷ \$6.3 Bilyon
4. LSR porsiyentong bahagi ng kabuuang Kinitang Buwis ng Programang 2016 Measure B = 19.05%




Figure 3.1 – Ipinapakita ng figure ang breakdown ng mga Kita na Buwis ng Programa ayon sa kategoriya ng programa.

4. Mga Kita ng Programa na Natanggap sa buong FY 2023

Kasama sa mga kita ng 2016 Measure B ang mga netong natanggap mula sa mga benta sa Santa Clara County na kinolekta ng California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) at anumang interes na kinita sa mga natanggap.

Ang pangongolekta ng kita sa buwis sa pagbebenta para sa 2016 Panukala B ay nagsimula noong Abril 1, 2017, at ang panukala ay magpapatuloy sa pagkolekta ng kita hanggang Marso 31, 2047. Ang taon ng pananalapi (FY) ng VTA ay magsisimula sa Hulyo 1 at magtatapos sa

Hunyo 30 ng susunod na taon ng kalendaryo at tinutukoy sa taon ng pagtatapos ng panahon (halimbawa, FY 2023 ay Hulyo 1, 2022 hanggang Hunyo 30, 2023).

4.1 Kabuuang Natanggap sa FY 2023

Makikita sa mga ulat sa talahanayan sa ibaba ang kabuuang mga kita sa buwis sa benta para sa 2016 Measure B Program ayon sa taon ng pananalapi at mula nang magsimula.

2016 Measure B mga Kita sa Buwis ng Pagbebenta ayon sa Taon ng Pananalapi	
Taon ng Pananalapi	Netong Natanggap
FY 2017*	\$50,126,395
FY 2018	\$205,963,666
FY 2019	\$236,663,888
FY 2020	\$209,324,347
FY 2021	\$220,361,852
FY 2022	\$258,000,059
FY 2023	\$272,987,913
Kabuuang Mula Pasimula	\$1,453,428,119

**Abril 1, 2017 hanggang Hunyo 30, 2017 lamang.*

4.2 Kabuuang Kinita sa FY 2023

Makikita ang mga ulat sa talahanayan sa ibaba ang kabuuang naipong kita para sa FY 2023. Alinsunod sa VTA FY 2023 Annual Comprehensive Financial Report (ACFR), ang kinita ay "...na nauugnay sa kita ng interes, mga unrealized gain/loss, at mga kinita/nalugi sa trading ...[at] nakuha mula sa tatlong pangunahing mapagkukunan: panandalia, kalagitnaan, at pangmatagalang portfolio ng pamumuhunan." tulad ng ipinapakita sa talahanayan sa ibaba.

Gayunpaman, kapag kinukwenta ang Mga Kita sa Buwis ng Programa, interes at mga kinita/nalugi sa trading lamang ang isasama. Hindi kasama sa mga pagkuwenta ang mga unrealized gain/loss, dahil hindi ito aktwal na mga kita o pagkalugi na hawak. Ang mga nakaraang taon ng pananalapi ay na-update upang ipakita ang pagbabagong ito at upang matiyak ang pagkakapare-pareho sa pag-uulat sa hinaharap.

2016 Measure B Naipong Kita ayon sa Taon ng Pananalapi		
Fiscal Year	Naipong Kita	Unrealized Income**
FY 2017*	\$0	\$0
FY 2018	\$0	\$0
FY 2019	\$4,833,749	\$137,013

FY 2020	\$16,270,856	\$6,529,136
FY 2021	\$12,713,074	-\$10,855,812
FY 2022	\$7,080,418	-\$28,222,407
FY 2023	\$16,212,004	\$2,754,547
Kabuuan Mula Pasimula	\$57,110,102	-\$29,657,523

**Abril 1, 2017 hanggang Hunyo 30, 2017 lamang.*

*** Ang unrealized income na naipon ay umiipon ng unrealized gains/losses at amortization, na hindi isinasama kapag kinukwenta ang Kinikitang Buwis ng Programa.*

4.3 Mga Kabuuan ng Kinikitang Buwis ng Programa at Porsyentong Bahagi ng Kinitang Buwis ng Programa

Ipinapakita ng sumusunod na talahanayan ang kabuuang Kita sa Buwis ng Programa para sa FY 2023 sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kinita at naipong na kinita pagkatapos ay pagbabawas sa mga gastos sa Administrasyon.

Kabuuan ng Nakolektang Buwis ng Programa		
	FY 2023	Kabuuan Mula Pasimula (FY 2017 – FY 2023)
Naipong Buwis	\$272,987,913	\$1,453,428,119
Naipong Kita	\$16,212,004	\$57,110,102
Sub-total	\$289,199,917	\$1,510,538,221
Mga Gastusing ng Administrasyon	-\$2,469,146	-\$10,279,980 ⁽¹⁾
Kabuuan ng Nakolektang Buwis ng Programa	\$286,730,771	\$1,500,258,241

(1) Mula ng pasimula hanggang FY 2023 na halaga ay makikita sa ginawang update sa naunang taon na naipong alokasyon, na siyang naging resulta sa updated na ulat may kinalaman sa mga gastusing pang-administratibo.

Itinatampok ng kasunod na talahanayan ang mga alokasyon Katagorya ng Programa ng 2016 Measure B bilang kanilang mga ratios na itinatag ng balota ng Nakolektang Buwis ng Programa at bilang isang porsyento ng akolektang Buwis ng Programa hanggang sa katapusan ng pag-uulat ng taon ng pananalapi. Mahalagang tandaan na ang mga ratio na itinatag ng balota ay nakabatay sa 30-taong tagal ng Panukala, at ang mga ratio ng paglalaan ng katagorya ng programa na ipinapakita sa pagtatapos ng taon ng pananalapi ay isang snapshot in time. Ang mga alokasyon sa katagorya ng programa ay magbabago sa loob ng 30 taon, at ito ay makikita sa mga ratio na ipinapakita sa pagtatapos ng isang taon ng pananalapi..

Kategorya ng Programa		Alokasyon sa buong FY 2023	% ng Nakolektang Buwis ng Programa (Ballot Measure Language) ⁽²⁾	% Nakolektang Buwis ng Programa sa buong FY 2023
Formula-Based	Lokal na mga Kalye at Kalsada	\$270,700,000	19.05%	18.04%
	Bisikleta at & Pedestriyan			
	Edukasyon at Pag-encourage	\$8,460,000	3.97%	3.76%
	Mga Proyektong Kapital ⁽¹⁾	\$45,110,000		
	Mga Pag-aaral sa Pagpapalano ⁽¹⁾	\$2,820,000		
	Mga Pagpapatakbo ng Transit			
	Enhance Core Network	\$82,170,000	7.94%	7.52%
	Mga Modelo ng Makabagong Serbisyo ng Transit	\$9,190,000		
	Pagpapalawak ng Mobility at Abot-Kayang Halga ng Pasahe	\$16,920,000		
	Pagpapabuti ng mga Amenity	\$4,500,000		
Pangangailangan/Batay sa Kapasidad ⁽¹⁾	BART Phase II	\$150,000,000	23.81%	10.00%
	Caltrain Grade Separation	\$71,000,000	11.11%	4.73%
	Pagpapahusay ng Kapasidad ng Koridor ng Caltrain	\$42,450,000	4.98%	2.83%
	Mga Highway Interchange	\$364,790,000	11.90%	24.32%
	Mga Expressway ng County	\$50,000,000	11.90%	3.33%
	State Route 85 Corridor	\$14,500,000	5.56%	0.97%

⁽¹⁾ Ang mga alokasyong ito ay makukuha sa kategorya ng programa o subcategory sa simula ng unang taon ng pananalapi ng Biennial Budget. Ang mga ito ay hindi ipinamamahagi sa isang taon ng pananalapi.

⁽²⁾ Ang 2016 Measure B ballot measure language ay tumutukoy sa ratio ng Nakolektang Buwis ng Programa para sa tagal ng panukala, hindi ayon sa taon ng pananalapi. Tingnan ang Seksyon 3 para sa mga detalye.

5. Mga Kategorya ng Programa

Mayroong siyam na kategorya ng programa sa loob ng 2016 Measure B Program – tatlo sa mga ito ang kinabibilangan ng mga subcategory. Ang Figure 5.1 ay nagpapakita ng pangkalahatang buod ng 2016 Measure B na Mga Kategorya ng Programa, na pinagbukod-bukod ayon sa mga uri ng alokasyon. Ang mga uri ng alokasyon ay batay sa formula at batay sa pangangailangan/kapasidad. Tatlo sa mga kategorya ng programa – Lokal na mga Kalye at Kalsada, Bisikleta at Pedestriyan, at Mga Pagpapatakbo ng Transit – ay may mga subcategory na ang mga pondo ay ipinamamahagi alinman sa pamamagitan ng proseso ng

formula, nakikipagkompetisyon na proseso ng aplikasyon, o isang proseso ng pagpili na batay sa pangangailangan/kapasidad.

2016 Measure B FY 2022 at FY 2023 Mga Alokasyon sa Kategoriya ng Programa

		FY 2022	FY 2023
Pangangasiwa		\$1,000,000	\$1,000,000
Kategoriya ng Programa			
Batay sa Formula	Lokal na mga Kalye at Kalsada	\$52,960,000	\$47,740,000
	Bisikleta at Pedestriyan		
	Edukasyon at Pag-encourage	\$1,970,000	\$1,490,000
	Mga Proyektong Kapital	\$18,450,000	
	Mga Pag-aaral sa Pagpaplano	\$1,160,000	
	Mga Pagpapatakbo ng Transit		
	Enhance Core Network	\$19,650,000	\$14,520,000
	Mga Modelo ng Makabagong Serbisyo ng Transit	\$1,600,000	\$1,590,000
	Pagpapalawak ng Mobility at Abot-Kayang Halaga ng Pasahe	\$3,940,000	\$2,980,000
	Pagpapasulong ng mga Amenity	\$1,900,000	
Pangangailangan/Batay sa Kapasidad	BART Phase II	\$0	
	Caltrain Grade Separation	\$33,000,000	
	Pagpapahusay ng Kapasidad ng Koridor ng Caltrain	\$12,340,000	\$17,010,000
	Mga Highway Interchange	\$157,890,000	
	Mga Expressway ng Caltrain	\$0	
	State Route 85	\$0	
Total:		\$392,190,000	

5.1 Mga Gabay sa Kategoriya ng Programa

Upang pangasiwaan ang bawat isa sa siyam na 2016 Measure B na Kategoriya ng Programa, ang VTA ay nagtatag ng mga alituntunin na nagbabalangkas sa pamamahagi (o alokasyon) ng mga pondo para sa bawat kategoriya ng programa (at ang mga kasunod nitong sub-category kung naaangkop), mga hakbang sa pagpapatupad, at mga pamantayan at kinakailangan ng proyekto at programa. Pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng VTA ang siyam na mga alituntunin sa kategoriya ng programa noong 2017 at pinagtibay ang isang binagong hanay ng

mga alituntunin noong Agosto 2022. Ang binagong mga alituntunin ay nagsama ng mga aksyon na inaprubahan ng Lupon na nakakaapekto sa pagpapatupad ng siyam na kategorya ng programa, pati na rin ang pinagsamang naka-standard na wika at pag-format mga pagbabago para sa pagkakapare-pareho at karagdagang kalinawan.

Ang mga Alituntunin ng Kategorya ng 2016 Measure B Program ay nagtatatag ng dalawang uri ng pamamahagi ng mga pondo: batay sa formula at batay sa pangangailangan/kapasidad. Ang pamamahagi na nakabatay sa pormula ay nangangahulugan na ang mga pondo ay ipinamamahagi sa bawat taon ng pananalapi, hangga't maaari, sa pamamagitan ng pag-multiply ng porsyento ng bahagi ng kategorya ng programa sa Kita sa Buwis ng Programa at ang inaasahang Kita ng Buwis ng Programa ng taong iyon ng pananalapi. Ang pamamahagi na nakabatay sa pangangailangan/kapasidad ay nangangahulugan na ang alokasyon ng pondo sa mga proyekto ay nakabatay sa kapasidad ng pagpopondo ng 2016 Measure B, kahandaan ng proyekto, at tamang panahon ng pangangailangan sa pagpopondo ng proyekto.

2016 Measure B Program Categories

Need/Capacity Program Categories



BART Phase II



Caltrain Grade Separation




Caltrain Corridor Capacity



Highway Interchanges




County Expressways



SR 85 Corridor


Formula Based Program Categories



Local Streets & Roads



Bicycle & Pedestrian



Transit Operations

Figure 5.1 - 2016 Measure B Program Categories.

Ang siyam na kategorya ng programa na karapat-dapat para sa mga pondo ng 2016 Measure B at ang kanilang mga ratio ng Mga Kita sa Buwis ng Programa ay ipinapakita sa ibaba.

Lokal na mga Kalye at Kalsada: 19.1%



Namamahagi ang kategoryang ito ng mga pondo ayon sa isang formula na nakabatay sa populasyon at sa mileage ng kalsada at expressway ng Santa Clara County. Naglalaan ang kategoryang ito ng mga pondo na gagamitin para sa pagkukumpuni at pagpapanatili ng mga sistema ng kalye; inaatasan din nito ang mga ahensya na ilapat ang mga pinakamahusay na kasanayan sa Mga Kompletong Kalye – samakatuwid ay pinapabuti ang mga elemento ng bisikleta at pedestriyan ng kanilang sistema ng kalye. Maaaring gamitin ng mga indibidwal na lungsod at County ang kanilang bahagi ng mga pondo para sa alinman sa rehabilitasyon ng semento o pagpapaluwag ng trapiko kung mayroon silang Pavement Condition Index na 70 o mas mataas.

BART Silicon Valley Phase II: 23.8%*



Naglalaan ang kategoryang ito ng pondo sa mga gastos sa pagpapalano, engineering, konstruksiyon, at paghahatid ng BART Phase II, na lilikha ng bagong panrehiyong koneksyon sa riles sa pamamagitan ng pagpapalawak ng BART mula sa Berryessa Station sa San Jose hanggang sa Santa Clara na may mga istasyon sa Alum Rock/28th street, downtown San Jose, San Jose Diridon Station at Santa Clara.

*capped at a maximum of 25% of Program Tax Revenues

Programang Bisikleta at Pedestriyan: 4.0%



Tumutulong ang kategoryang ito na pondohan ang mga priyoridad na proyektong bisikleta at pedestriyan na may kahalagahan sa buong county, na tinukoy ng mga lungsod, County, at VTA. Uunahin ng mga pondo ang mga proyekto na: kumokonekta sa mga paaralan, transit, at mga sentro ng trabaho; punan ang mga puwang sa kasalukuyang network ng bisikleta at pedestriyan; ligtas na tumawid sa mga harang sa kadaliang makakilos; at gawing mas ligtas at mas kombinyenteng paraan ng transportasyon ang paglalakad o pagbibisikleta para sa lahat ng residente at bisita ng county. Kasama rin dito ang mga programang pang-edukasyon tulad ng mga Ligtas na Ruta patungo sa mga Paaralan. Ang mga karapat-dapat na proyekto ay tinukoy sa Kalakip A ng 2016 Measure B. (Tingnan ang Apendise 11.1)

- *Sub-category Grant Program: Edukasyon at Pag-encourage*
 - Ang programang ito ay nagpapahintulot sa mga ahensyang miyembro na pondohan ang mga proyekto at programa na maghihikayat sa paggamit ng pagbibisikleta at paglalakad at/o pagbibigay ng edukasyon tungkol sa mga pamamaraang ito. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, Mga Ligtas na Ruta papuntang Paaralan, mga pagsusuri sa paglalakad, mga kaganapan sa open street (bukas na kalye), at mga kampanyang pangkaligtasan sa bisikleta/pedestriyan. Ang mga pondo para sa programang ito ay ipinamahagi sa bawat Ahensyang Miyembro sa pamamagitan ng formula na nakabatay sa populasyon.
- *Sub-category Grant Program: Mga Proyektong Kapital*


- Ang nakikipagkumpitensyang grant program na ito ay magbibigay ng mga pondo sa mga pinagkaloobang aplikante para sa mga aktibidad na humahantong sa/kabilang ang: Environmental Clearance; Disenyo; Right of Way; at Konstruksyon para sa mga proyektong bisikleta at pedestriyan na kasalukuyang tinukoy sa 2016 Measure B.
- *Sub-category Grant Program: Mga Pag-aaral sa Pagpaplano*
 - Ang mapagkumpitensyang programang gawad na ito ay magpapahintulot sa mga lungsod, County, at VTA na mag-aplay para sa mga pondo na nagpapahintulot sa kanila na isulong ang mga pag-aaral sa pagpaplano na sumusuporta sa pagpapaunlad ng kapital na proyekto para sa mga proyekto ng bisikleta at pedestrian na may kahalagahan sa buong county..

Caltrain Grade Separation: 11.1%



Makakatulong ang kategoryang ito na pondohan ang mga proyektong grade separation sa kahabaan ng koridor ng Caltrain sa mga lungsod ng Sunnyvale, Mountain View, at Palo Alto, na naghihiwalay sa mga riles ng Caltrain mula sa mga daanan upang magbigay ng mas mataas na benepisyo sa kaligtasan para sa mga driver, nagbibisikleta, at mga naglalakad habang binabawasan din ang pagsisikip sa mga interseksyon.

Pagpapahusay sa Kapasidad ng Koridor ng Caltrain: 5.0%



Ang kategoryang ito ay makakatulong na pondohan ang mga pagpapahusay ng kapasidad ng koridor ng Caltrain at mas mataas na serbisyo sa Santa Clara County upang mabawasan ang pagsisikip ng highway, kabilang ang: mas mataas na serbisyo sa Morgan Hill at Gilroy, mga pagpapahusay sa istasyon, level boarding, pinalaking mga platform, at mga pagpapahusay ng serbisyo.

Mga Highway Interchange: 11.9%



Ang kategoryang ito ay makakatulong na pondohan ang mga proyekto sa highway sa buong Santa Clara County upang magbigay ng: maibsan ang kasikipan, pinabuting mga highway operation at access sa freeway, pagbabawas ng ingay, roadway connection overcrossings, ang pag-deploy ng makabagong teknolohiya sa pamamagitan ng Intelligent Transportation Systems (ITS). Ang mga karapat-dapat na proyekto ay tinukoy sa Kalakip B ng 2016 Measure B.

(Tingnan ang Apendise 11.1)

Mga Expressway ng County: 11.9%




Ang kategoryang ito ay tutulong na pondohan ang mga proyektong pagpapabuti ng Tier 1 sa Expressway Plan ng County upang maibsan ang kasikipan, mapabuti ang kaligtasan at mapataas ang bisa ng sistema ng expressway sa county. Ang mga karapat-dapat na proyekto ay tinutukoy sa Kalakip C ng 2016 Measure B. (Tingnan ang Apendise 11.1)

State Route 85 Corridor: 5.6%



Ang kategoryang ito ay magpopondo ng mga bagong transit at congestion relief projects sa SR 85, kabilang ang isang bagong transit lane mula SR 87 sa San Jose hanggang U.S. 101 sa Mountain View. Popondohan din nito ang pagbawas ng ingay sa kahabaan ng SR 85 at magbibigay ng pondo para pag-aralan ang mga alternatibong transportasyon na kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa, Bus Rapid Transit na may mga imprastraktura gaya ng mga istasyon at access ramp, Light Rail Transit, at iba pang mga teknolohiya sa transportasyon sa hinaharap..

Mga Pagpapatakbo ng Transit: 7.9%



Ang mga layunin ng kategoryang ito ay pataasin ang mga sumasakay, pahasayin ang kahusayan, pahasayin ang mga serbisyo sa kadaliang kumilos para sa mga nakatatanda at indibidwal na may mga kapansanan, at gawing mas abot-kaya para sa mga kulang sa serbisyo at mahinang populasyon sa County. Maaaring gamitin ang mga pondo upang mapanatili at mapalawak ang mga pangunahing dalas ng serbisyo ng ruta ng bus, mga pinahabang oras ng operasyon hanggang madaling araw, gabi, at dulong-sanlinggo upang mapabuti ang kadaliang mapakilos, ligtas na pag-access, at pagiging abot-kayang halaga sa mga residente na umaasa sa serbisyo ng bus para sa mga kritikal na pangangailangan sa paglipat ng transportasyon – partikular para sa mahina, kulang sa serbisyo, at mga populasyong umaasa sa transit sa buong county. Ang mga sub-category para sa mga karapat-dapat na pagsisikap sa Mga Pagpapatakbo ng Transit ay tinukoy sa Attachment D ng 2016 Measure B. (Tingnan ang Apendise 11.1)

- *Sub-category Grant Program: Frequent Core Bus Network*
 - Direktang popondohan ng sub-category na ito ang pangunahing network ng bus ng VTA ng mga serbisyo na nagpapataas ng mga dalas ng serbisyo ng pangunahing ruta ng bus, at pagpapalawak o pagdaragdag ng serbisyo sa gabi, hating-gabi, at dulong-sanlinggo.
- *Sub-category Grant Program: Mga Makabagong Modelo ng Serbisyo ng Transit*
 - Ang nakikipagkompetensyang grant program na ito ay naglalayong suportahan ang abot-kayang halagang mga bago at makabagong modelo ng serbisyo ng transit upang matugunan ang mga koneksyon sa una/huling milya kabilang ang mga serbisyo ng uri ng FLEX, mga dynamic na on-demand na subscription shuttle at pakikipagsosyo sa iba pang mga provider ng serbisyong tumutugon sa demand na naglilingkod sa mga mahihina, kulang sa serbisyo, at umaasa sa mga populasyon.
- *Sub-category Grant Program: Pagpapalawak ng Mobility at Abot-kayang Halaga ng Pasahe*
 - Mga pondo para palawakin ang mga serbisyo sa kadaliang kumilos at mga programang abot-kayang pamasaha para sa matatanda, may kapansanan, mag-aaral, at mga pasahero na mababa ang kita.
- *Sub-category Grant Program: Pagpapasulong ng mga Amenity*

- Mga pondo para pahasayin ang mga amenities sa hintuan ng bus ng VTA para pataasin ang pagiging ligtas, seguridad at access, pati na rin ang tuloy-tuloy na pagmamantini.

Figure 5.2 ay nagpapakita ng mga detaly ng mga sub-category ng Lokal na mga Kalye at Kalsada, Bisikleta at Pedestriyan, at mga katagoryang Pagpapatakbo ng Transit.

Program Sub-Categories




Figure 5.2 – 2016 Measure B Program sub-categories and allocation types.

6. Mga Paglalaan at Paggastos sa FY 2023

Ang badyet ng VTA ay sumasaklaw sa dalawang taon ng pananalapi. Ang naaprubahang badyet para sa FY 2022 at FY 2023 ay ipinapakita sa ibaba – ang ilang mga kategorya ng programa at mga sub-category ay may mga badyet na sumasaklaw sa dalawang taon ng pananalapi habang ang iba ay may mga badyet bawat taon ng pananalapi. Ang mga badyet na iyon na sumasaklaw sa dalawang taon ng pananalapi ay available sa simula ng unang taon ng pananalapi sa tuwing ikalawang taong badyet. Tulad ng isang capital na badyet, ang paglalaan para sa kategorya ng programa ay hindi mawawalan ng bisa sa katapusan ng taon ng pananalapi at ipagpapatuloy hanggang sa makumpleto ang 2016 Measure B Program.

Ang alokasyon ay ang inaprubahan ng Lupon ng VTA na halaga ng pondo ng 2016 Measure B na available para sa isang partikular na proyekto o programa. Ang 2016 Measure B Program na badyet at mga alokasyon ay inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng VTA na may pag-apruba ng VTA biennial budget. Gaya ng inilarawan sa itaas, ang mga alokasyon sa kategorya ng programa ay hindi mawawalan ng bisa sa katapusan ng isang taon ng pananalapi, at sa halip ay ang hindi nagastos na halaga ay ililipat at available para magamit sa mga taon ng pananalapi sa hinaharap.

Ang taunang paglalaan ng badyet para sa tatlong kategorya ng programang nakabatay sa Formula ay kinuwenta sa dalawang hakbang: 1) pag-multiply ng kanilang naitatag na ratio ng balota sa inaasahang Kita ng Buwis ng Programa para sa taon ng pananalapi; at 2) pag-reconcile ng mga naunang alokasyon, na nakabatay sa tinanyang Mga Kita sa Buwis ng Programa, na may mga aktwal na natanggap na kita (tinukoy bilang isang “true-up process”). Ang true-up process ay nangyayari sa bawat biennial budget cycle, at ang mga resulta ng true-up process ay kasama sa unang taon ng biennial budget.

Ang paunang true-up para sa mga taon ng pananalapi 2018 hanggang 2020 ay kinuwenta at inilapat sa FY 2022 sa panahon ng FY 2022/FY 2023 Biennial Budget cycle.

Ang paggastos ay ang pagsasauli ng VTA ng mga pondo ng 2016 Measure B sa isang grantee (hal. isang lungsod, County, o Caltrain).

6.1 Proseso ng Paglalaan sa Paggastos




Figure 6.1 – 2016 Measure B proseso sa paglalaan sa paggastos.

Ang Figure 6.1 ay naglalarawan ng pangkalahatang tatlong hakbang na proseso ng pamamahagi ng mga pondo ng 2016 Measure B, mula sa paglalaan hanggang sa paggastos. Ang proseso ay nagsisimula sa pag-apruba ng Lupon ng mga Direktor ng VTA sa mga alokasyon sa kategorya ng programa - ang bahaging ito ng proseso ay ginagawa sa isang biennial na batayan, o bawat dalawang taon, kasabay ng ikot ng badyet ng VTA. Dalawang programang nakabatay sa Formula, Mga Lokal na Kalye at Kalsada at Edukasyon at Pagpapasigla ng Bisikleta at Pedestrian, ay magkakaroon ng mga alokasyon na higit pang hinati sa 15 lungsod at County. Halimbawa, ang paglalaan ng kategorya ng programang Local Streets and Road ay ibinabayad sa bawat hurisdiksyon gamit ang formula na nakabatay sa populasyon at sa County batay sa mileage ng daanan ng kalsada at expressway ng County.

Kasunod ng (mga) alokasyon ng mga pondo ng 2016 Measure B, ang mga kasunduan sa pagpopondo ay dapat isagawa para ma-access ng mga grantee ang mga pondo. Ang mga grantee ay mga ahensyang tumatanggap ng pondo ng 2016 Measure B para sa mga proyekto. Kabilang sa mga ito ang 15 lungsod sa Santa Clara County, County ng Santa Clara, Caltrain, at VTA. Pagkatapos ng matagumpay na pagpapatupad ng mga kasunduan, maaaring

magsimulang mag-invoice ang mga Grantee ng VTA para sa trabahong nakumpleto sa mga proyekto ng 2016 Measure B - ire-reimburse ng VTA ang Grantee para sa mga karapat-dapat na gastos, na magresulta sa isang paggastos.

6.2 Paglalaan at Paggastos ayon sa Kategoriya ng Programa

Kabuuang Paglalaan ng Programa at mga Paggastos sa buong FY 2023	
Kabuuang Paglalaan sa Programa sa buong FY 2023	\$1,147,810,000
Kabuuang Paggastos sa Programa sa buong FY 2023	-\$487,472,422
Natitira	\$660,337,578

Figure 6.2 sa ibaba ay nagpapakita ng paglalaan at paggastos sa buong FY 2023 para sa bawat siyam na kategoriya ng programa.

Kategorya ng Programa	Paglalaan sa FY2023	Paggastos sa FY2023
Lokcal na mga Kalye at Kalsada	\$ 270,700,000	\$ 156,578,338
BART Phase II	\$ 150,000,000	\$ 46,370,085
Bisikleta at Pedestriyan	\$ 56,390,000	\$ 5,874,037
Caltrain Grade Separation	\$ 71,000,000	\$ 780,067
Pagpapasulong sa Kapasidad ng Koridor ng Caltrain	\$ 42,450,000	\$ 5,045,748
Mga Highway Interchange	\$ 364,790,000	\$ 131,410,309
Mga Expressway ng County	\$ 50,000,000	\$ 26,553,145
State Route 85 Corridor	\$ 14,500,000	\$ 3,564,179
Mga Pagpapatakbo ng Transit	\$ 112,780,000	\$ 101,016,534
Pangangasiwa ng Programa	\$ 15,200,000	\$ 10,279,980
	\$ 1,147,810,000	\$ 487,472,422

Figure 6.2 - 2016 Measure B allocations and expenditures through FY 2023 by program category.

7. 10-taong Programa at Mga Pamantayan ng Tuwing Ikalawang Taong Badyet

Sa pagpupulong ng Lupon ng VTA noong Abril 2021, inaprubahan ng Board ang 2016 Measure B na 10-taong Programa at mga Pamantayang Tuwing Ikalawang Taong Badyet. Nalalapat ang mga Pamantayan sa lahat ng kategorya ng 2016 Measure B Program at gagabay sa pagbuo ng Biennial Budget at 10-taong Programa.

Ang pinagtibay na 10-taong Programa at mga Pamantayang Tuwing Ikalawang Taong Badyet ay ang mga sumusunod:

- Sumunod sa wika ng panukala sa balota (kabilang ang anumang mga susog na inaprubahan alinsunod sa wika ng balota).
- Mamuhunan sa lahat ng siyam na kategorya ng programa sa buong 10 taon, hangga't ang pagpopondo ay nananatiling magagamit sa kategorya ng programa, na may pag-unawa na maaaring walang mga alokasyon sa lahat ng kategorya taun-taon.
- Ilapat ang mga ratio na itinatag ng balota sa mga programang nakabatay sa Formula sa taunang batayan.
- Ilapat ang pamantayan sa pagpili ng kahandaan ng proyekto na inaprubahan ng Lupon sa mga programang nakabatay sa Pangangailangan/Kakayahang para sa mga proyektong isasama sa 10-taong Programa at Biennial na Badyet, at maglapat ng mga partikular na proseso ng pagsasaprayoridad ng proyekto para sa bawat programa na naaayon sa 25% na cap ng Kitang Buwis ng Programa sa kategorya ng programa ng BART Phase II at lahat ng ratio na naaangkop sa bawat kategorya.
- Gumamit ng mga tool sa pagpopondo, na napapailalim sa pag-apruba ng Lupon ng mga Direktor ng VTA, upang gawing available ang pagpopondo kapag handa na ang mga proyekto, napapasailalim sa available na kapasidad sa pagpopondo.
- Malinaw at transparent na isinasaalang-alang ang mga oportunidad mula sa mga panlabas na tagapagpondo, na napapasailalim sa mga hadlang ng iba pang mga prinsipyo.

Tingnan ang Apendise 11.4 para sa buong Pamantayan.

Ang 10-taong Programa ay isang tool sa pagpapalano na isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng programa at mga proyekto sa loob ng 10 taon. Inaprubahan ng VTA Board of Directors ang unang 2016 Measure B 10-year Program (FY 2022 hanggang FY 2031) sa kanilang mga pulong sa Agosto at Disyembre 2021. Ang 10-taong Programa (FY 2022 hanggang FY 2031) ay makikita sa Apendise 11.5.

7.1 Batayan sa Kahandaan ng Proyekto at mga Pamamaraan sa Pagsasaprayoridad

Kasunod ng pag-apruba ng mga Pamantayan, inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ang Pamantayan sa Kahandaan ng Proyekto para sa mga kategorya ng programang nakabatay sa Pangangailangan/Kapasidad sa kanilang pagpupulong noong Mayo 2021. Ang anim na proyekto ng kategorya ng programa na nakabatay sa Pangangailangan/Kakayahan ay dapat

makatugon sa sumusunod na tatlong pamantayan sa Kahandaan ng Proyekto para maisama sa alinman sa Biennial Budget o 10-taong Programa:

- 1) Katayuan ng paghahatid ng proyekto:
Ang mga alokasyon para sa mga proyekto sa 10-taong Programa ay ibabatay sa mga yugto ng paghahatid ng proyekto at pagkumpleto ng bawat yugto. Dapat kumpletuhin ng mga proyekto ang naunang (mga) bahagi ng paghahatid bilang isang kinakailangan para sa paglalaan ng mga pondo sa isang Biennial na Badyet para sa susunod na yugto.
- 2) Katayuan ng pagpopondo:
Ang proyekto ay dapat na may mga hindi 2016 Measure B na tugmang pondo na natukoy na isasama sa 10-taong Programa at naka-secure para sa alokasyon ng Biennial na Badyet.
- 3) Katuwang na ahensya/suporta ng komunidad:
Ang mga kasosyong ahensya ay dapat tukuyin para maisama sa 10-taong Programa. Dapat ipakita ang suporta sa komunidad, ahensyang nagpapahintulot, at kasosyong ahensya para sa paglalaan ng Biennial na Badyet.

Habang sumusulong ang mga kandidatong proyekto at nakakatugon sa lahat ng tatlong pamantayan sa Kahandaan ng Proyekto, magsusumite ang sponsor ng proyekto ng kahilingan sa 2016 Measure B Program Office para maisama sa Biennial Budget at/o 10-taong Programa.

Inaprubahan din ng Lupon ng mga Direktor ang mga pamamaraan ng pagbibigay-prioridad para sa mga kategorya ng programang nakabatay sa Pangangailangan/Kapasidad. Lima sa anim na kategorya ng programa na nakabatay sa Pangangailangan/Kapasidad ay may umiiral na mga proseso sa pag-prioritize, alinman sa isang solong sponsor ng proyekto (BART Phase II, Caltrain Corridor Capacity, at SR 85 Corridor) o isang nakahandang proseso ng pag-prioritize upang pumili ng mga proyekto (Caltrain Grade Separations at County Expressways). Ang mga proseso para sa mga programa ng County Expressways, SR 85 Corridor, at Caltrain ay malinaw na nagsasama ng mga alituntunin na pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor ng VTA para sa mga programang ito noong 2017. Inaprubahan ng VTA Board ang pamamaraan ng pagbibigay-prioridad para sa ikaanim na kategorya ng programa – Mga Highway Interchange noong Agosto 2021. Ang naaprubahang pamantayan sa pagiging handa ng proyekto at mga pamamaraan sa pag-prioritize ay makikita sa Apendise 11.4.

8. Mga Proseso sa Pangangasiwa ng Programa

Ang mga pormal na pamamaraan sa pangangasiwa ng programa ay patuloy na ginagawa upang maitatag ang tungkulin at responsibilidad ng VTA sa mga proyekto at programa sa loob ng 2016 Measure B Program. Ipinapakita ng Figure 8.1 kung paano tinutukoy ng Program Office ang antas ng pangangasiwa na kailangan para sa isang partikular na proyekto

pati na rin ang mga gawain sa pangangasiwa ng VTA upang matiyak ang wastong paghahatid at pagsunod sa proyekto.

Karaniwang kinabibilangan ng mga tungkulin sa pangangasiwa ng VTA ang pagsusuri at pag-apruba ng kinakailangang dokumentasyon tulad ng mga checklist ng Kumpletong Kalye, programa ng mga proyekto, mga plano sa pamamahala ng proyekto, at mga ulat sa pagsulong. Ang mga invoice na isinumite ng mga sponsor ng proyekto ay masusing sinusuri. Ang opisina ng Programa ay nagpapakita at naglalathala ng buwanang 2016 Measure B Program na mga update sa mga komite ng VTA - nagbibigay ng pagkakataon sa mga kawani ng VTA na sagutin ang anumang mga katanungan tungkol sa Programa at ang pagsulong nito.

Ipinapakita ng Figure 8.1 sa ibaba ang mga pangkalahatang uri ng proyekto at mga kinakailangan para sa bawat antas ng pangangasiwa.

9. Mga Tampok sa Kategoriya ng Programa

Kinukuha ng Figure 9.1 ang mga tampok ng aktibidad ng programa mula Hulyo 1, 2022, hanggang Hunyo 30, 2023.

2016 Measure B Program Oversight Requirements

Project Cost or Complexity	HIGH	MEDIUM	LOW	Programmatic Categories
Project Type	<ul style="list-style-type: none"> Projects costing more than \$100M <u>and</u> with \$10M or more in 2016 Measure B funding; or Projects with significant complexity, as determined by VTA staff. 	<ul style="list-style-type: none"> Projects costing between \$10M and \$100M; and/or Projects with \$10M or more in 2016 Measure B funding; and/or Projects with medium complexity, as determined by VTA staff. 	<ul style="list-style-type: none"> Projects costing less than \$10M; or Projects with less than \$10M in 2016 Measure B funding. 	<ul style="list-style-type: none"> Local Streets & Roads Pavement program Bicycle & Pedestrian Education & Encouragement program
Executed Agreement*	Required per phase	Required per phase	Required per phase	Only Master Funding Agreement required
Complete Streets Checklist	Required per phase	Required per phase	Required per phase	Required annually
Project Management Plan	Must be developed with VTA and include: Staffing Plan, Schedule, Contracting Plan, and Risk Assessments	Must include: Staffing Plan, Schedule, Contracting Plan, and Risk Assessments	Must include: Staffing Plan, Schedule, Contracting Plan, and Risk Assessments	N/A
Funding Plan	Required	Required	Required	N/A
Project Team Meetings	Monthly	Quarterly, at minimum	Semi-annually, at minimum	Semi-annually, at minimum
Written Progress Reports	Quarterly	Quarterly	Quarterly	Annually
Invoice Submittals	Monthly	Quarterly, at minimum	Semi-annually, at minimum	Annually, at minimum
Annual Program of Projects	N/A	N/A	N/A	Required
Present at VTA Committees as Needs	Yes	Yes	Yes	N/A

*As required. VTA-led projects do not need to have executed agreements but must meet requirements for funds to be released.
Exceptions from MEDIUM and HIGH categories include but are not limited to:
 • BART Phase II, which already has an independent oversight program with FTA; Projects that are currently at the final design or construction stages; and Large pavement management/road rehabilitation programs.

Figure 8.1 – 2016 Measure B Proposed Program Oversight Requirement Chart.

NAKA-HIGHLIGHT NA TEXT PARA SA FIGURE 9.1 (graphic na gagawin ng Creative Services)

- Pangkalahatang Programa ng 2016 Measure B
 - Inaprubahan ng VTA Board ang mga pagbabago sa Mga Alituntunin sa Kategoriya ng Program noong Agosto 2022.
 - Patuloy na mga update sa 2016 Measure B transparency website at sa VTA.org page.
 - Inaprubahan ng VTA Board ang FY 2024 & FY 2025 Biennial Budget at FY 2024 hanggang FY2033 10-taong Programa.
 - Ang FY 2022 Program Performance Audit ay natanggap at tinanggap ng 2016 MBCOC sa pagpupulong noong Marso 2023.
 - Binago ang mga form sa pag-uulat ng proyekto at na-update ang mga Checklist ng mga Kumpletong Kalye.
 - Binuo ang mga online na aplikasyon para sa Call for Projects.
- Lokal na mga Kalye at Kalsada
 - Natanggap at sinuri ang kinakailangang taunang dokumentasyon mula sa mga Ahensyang Miyembro.
- BART Phase II
 - Ang Tunnel at Track Progressive Design-Build na mga aktibidad sa disenyo, pati na rin ang pagkuha ng real estate at mga pagsisikap sa disenyo sa iba pang mga construction package, ay nagsimula na.
- Bisikleta at Pedestriyan
 - Mga Proyektong Kapital:
 - Nagdiwang ng ribbon cutting para sa pagkumpleto ng Thompson Creek Trail sa San Jose.
 - Mga Pag-aaral sa Pagpaplano:
 - Nagbigay ng mga pondo sa limang pag-aaral sa bisikleta at pagpaplano.
 - Edukasyon/Pagpapasigla:
 - Nakatanggap ng FY 2023 Programa ng mga Proyekto.
 - Nagharap ng buod ng mga aktibidad para sa FY 2022 sa mga komite.
- Caltrain Grade Separation
 - Pinadali ang tuwing ikatlong pagpupulong ng coordination kasama ng VTA, Lungsod at Caltrain para talakayin ang katayuan ng mga proyekto at ibahagi ang pangkalahatang impormasyon ng programa.
 - Nagsagawa ng mga kasunduan sa pagpopondo para sa Rengstorff Grade Separation project sa Mountain View at Churchill at Charleston/Meadow grade separation projects sa Palo Alto.
- Pagpapasulong sa Kapasidad ng Koridor ng Caltrain
 - Nagsagawa ng iba't ibang kasunduan sa pagpopondo sa Caltrain.
- Mga Highway Interchange
 - Ipinagdiriwang ang pagbubukas ng US 101/Blossom Hill Interchange Project.
 - Ipinagpatuloy ang konstruksyon para sa US 101/De La Cruz Blvd/Trimble Rd. Mga Pagpapabuti ng Interchange.
 - Ang patuloy na pag-unlad ng Pag-aaral sa Pagpapababa ng Ingay na Teknikal na Update- mga karagdagang kahilingan sa site ay sinuri; Inilabas ang RFP.

- Mga Expressway ng County
 - Santa Teresa-Hale Extension: Nakumpleto ang pagtatayo ng landas ng bisikleta sa timog ng Dunne Ave.
 - Proyektong Pagpapabuti ng Almaden Expressway sa Camden Ave Intersection: Nagsimula na ang konstruksyon.
- State Route 85 Corridor
 - SR 85 Noise Reduction Demonstration Project Phase II 95% Nakumpleto na ang mga Plano, Pagtutukoy at Pagtantiya..
- Mga Pagpapatakbo ng Transit
 - Pagpapalawak ng Mobility at Abot-kayang Halaga ng Pasahe:
 - 14,833 pases ang naibenta noong FY 2023.
 - Mga Makabagong Modelo ng Serbisyo ng Transit:
 - Ang tatlong on-demand micro-transit program ay nagsimulang magsebisyo:
 - Morgan Hill Mogo – Setyembre 2022
 - Milpitas SMART – Setyembre 2022
 - Palo Alto LINK – Marso 2023

Figure 9.1 – 2016 Measure B Program na mga tampok sa FY 2023.

10. Glosari

Nasa ibaba ang mga terminong madalas gamitin sa ulat na ito at nauugnay na dokumentasyon ng 2016 Measure B.

Ang **alokasyon** ay ang halagang inaprubahan ng VTA Board ng 2016 Measure B na pondo na available para sa isang partikular na proyekto o programa.

Ang isang **award** ay nagpapakita na ang VTA at isang grantee ay nagsagawa ng isang kasunduan upang pondohan ang isang karapat-dapat na proyekto.

Ang **paggastos** ay ang pagre-reimburse ng VTA ng mga pondo ng 2016 Measure B sa isang grantee (hal. isang lungsod, County, o Caltrain).

Ang **Fiscal Year** ay tumutukoy sa 12-buwang accounting period na nagsisimula sa Hulyo 1 at nagtatapos sa Hunyo 30. Ang taon ng pananalapi ay kadalasang dinaglat na FY, at ang taong tinutukoy ay ang katapusan ng panahong iyon. Halimbawa, ang FY 2021 ay sumasaklaw mula Hulyo 1, 2020, hanggang Hunyo 30, 2021.

Ang mga **grantee** ay mga ahensyang tumatanggap ng pondo ng 2016 Measure B para sa mga proyekto. Kabilang sa mga ito ang 15 lungsod sa loob ng county, Santa Clara County, Caltrain at VTA.

Ang **Ahensiyang Miyembro** ay isang lokal na hurisdiksyon na lumagda sa Pinagsanib na Kasunduan sa Mga Kapangyarihan ng Santa Clara County Congestion Management Agency. Kabilang dito ang lahat ng lungsod sa loob ng county, Santa Clara County at VTA.

Tinukoy ng 2016 Measure B ballot language ang siyam na **Kategorya ng Programa**, na may mga alokasyon na tinukoy para sa bawat isa: Mga Lokal na Kalye at Kalsada, BART Silicon Valley Phase II, Bisikleta at Pedestriyan, Grade Separation ng Caltrain, Mga Pagpapahusay sa Kapasidad ng Caltrain, Mga Highway Interchange, Mga Expressway ng County, State Route 85 Corridor , at Mga Pagpapatakbo ng Transit.

Ang mga **Kita sa Buwis ng Programa** ay mga kita sa buwis na natanggap para sa 30-taong buhay ng buwis, kabilang ang anumang interes o iba pang mga kita doon, mas mababa ang anumang mga pondo na kinakailangan para sa kasiyahan ng serbisyo sa utang at/o halaga ng paghiram at mga gastos sa Administrasyon at pangangasiwa ng programa, tulad ng mga gastos sa pangangasiwa ng grant at pamamahala sa pananalapi. Ang nakolektang **kita** ay ang netong natanggap ng 2016 Measure B na kita sa buwis sa pagbebenta, hindi kasama ang mga naipong interes.

11. Apendise

I-access ang apendise dito (link).